

Ang Wika sa Pamublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila

Ian Mark P. Nibalvos, M.A.
De La Salle University – Dasmariñas

Abstract: *This research used descriptive approach to illustrate the Linguistic Landscape of the city of Manila as a center of commerce and multiculturalism. The goal of the study is to identify or describe the languages that are seen or that exist in public spaces of the city, identify the vitality of languages and assess the implications of the language landscape of Manila in the Filipino language situation at present.*

The researchers took pictures of signs in four selected areas in Manila. It was then categorized based on the taxonomy of Spolsky and Cooper which include: 1.) road signs; 2.) advertising signs; 3.) warning; 4.) names of buildings; 5.) informational signs; 6.) plaque plots; 7.) things; and 8.) graffiti. Photographs also categorized whether it is monolingual, bilingual or multilingual and if it is “top-down” or “bottom-up”.

The measure of the vitality of languages spreading across the city was based on the Ethnolinguistic Vitality (EV) theory used in the studies of Giles, Bourhis and Taylor to determine which language is the most dominant or widely used in the linguistic landscape.

This research only covers the description of the linguistic landscape of Manila by determining the languages existing in the city and their vitality as evident in the road signs, advertising signs, warning, name of buildings, informational signs, things and graffiti. . It also examined the implications of the linguistic landscape of Manila to the current situation or state of the Filipino language and the challenges it faces in its development.

It was discovered that there are six languages spreading and existing in the city such as: English, Filipino, Chinese, Korean, Japanese and Spanish. Among these languages, English is the most dominantly used.

This study shows that English language is given more importance than Filipino, which is the country's national language. English language is being used in meaningful activities such as providing information, advertising signs, and building names. The researcher proposes further studies of language learning in other major cities in the Philippines to determine the extent of the spread of Filipino language and dialects thereby maintaining, strengthening and improving the country's national language more than the value exhibited with the use of the English language.

Keywords: *Public Space, Linguistic Lanscape, Ethnoliguitic Vitality, top-down sign, bottom-up sign*

Introduksyon

Ang wika ay nakapalibot sa atin sa tekstuwal na porma na makikita natin sa bintana ng mga tindahan, mga karatulang pangkomersiyo, mga poster, mga opisyal na paunawa, mga pantrapikong sign, at iba pa (Gorter, 2006); kaya naman sinabi ni Burdick (2012) na ang wika at lugar ay matagal nang magkaugnay. Ayon pa kay Gorter, Kaya nga lamang hindi napapansin ng mga tao ang tanawing pangwikang nakapaligid sa kanila. Ito ay isang bahagi ng pang-araw-araw na karanasan na hindi nabibigyang-halaga bilang isang uri ng kaugaliang panlipunan (Torkington, 2009).

Ayon kay Backhaus noong 2007, ang mga sign ay ginagamit upang magpakalat ng mga impormasyon para sa kapakanan ng publiko katulad ng mga topograpikong impormasyon, direksyon, mga babala, at iba pa (Akindele, 2011). Ito rin ay makikita sa mga tekstong pangkomersiyo katulad sa marketing at advertising, kung saan ito ay ginagamit upang mapansin ng mga tao ang kanilang negosyo o produkto (Bakhaus, 2007). Ang ilang mga kumpanya ay mayroon ding mga regulasyon upang masiguro na sila ay naglalagay ng mga karatulang pangkaligtasan kung saan ang panganib sa kaligtasan at kalusugan ay hindi maiiwasan ng ibang paraan (“Health and Safety Executive,” 2009).

Naghain si Spolsky at Cooper (1991) ng taksonomiya ng mga sign. Kabilang sa tinukoy niyang mga kategorya ay ang sumusunod: 1.) karatula sa kalye (mga sign na halos permanente na sa isang bahagi ng kalye para bigyang-pangalan o markahan ito o ang mga bahagi nito); 2.) advertising signs (mga sign na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga bagay at serbisyo na ikinakalakal); 3.) babala (mga sign na nagbibigay ng impormasyon para makaiwas sa aksidente at iba pang kapahamakan); 4.) pangalan ng mga gusali (mga sign na nagpapakilala sa mga gusali at iba pang arkitektura); 5.) karatula na nagbibigay impormasyon (mga sign na nagsasaad halimbawa ng direksyon, oras ng pagbubukas at pagsasara ng isang establemyento); 6.) plakeng panggunita (mga sign na nagpapakita sa isang makasaysayan o natatanging espasyo); 7.) mga bagay (mga sign na nagpapakilala sa ilang bagay tulad ng basurahan, telepono, mailbox); 8.) graffiti (mga sulat na karaniwang ginagawa ng palihim at sumusuway sa awtoridad) (Zafra, 2014).

Ang pag-aaral sa Linguistic Landscape (LL) o Tanawing Pangwika

ay tumutukoy sa mga wikang nakasulat sa mga pampublikong espasyo (Gorter, 2006); wikang nakikita sa mga ispisipikong lugar (Torkington, 2009). Binigyang-depinisyon naman ito nina Landry at Bourhis (2007, nabanggit sa Akindele, 2011) bilang wika ng mga sign sa mga pampublikong daanan, advertising billboards, mga pangalan ng kalye, mga pangalan ng lugar o sign ng mga tindahan at mga gusaling pampamahalaan na pinagsama-sama upang mabuo ang tanawing pangwika ng isang teritoryo, rehiyon o kalipunang panglungsod. Ayon naman kay Ben-Rafael et al. (2006, nabanggit sa Akindele, 2011), ang LL ay tumutukoy sa kahit anong sign na makikita sa loob o labas ng mga pampublikong institusyon o mga pribadong gusali sa isang lokasyon.

Binigyang-diin ni Gorter (2006), na ang tanawing pangwika ay hindi lamang isang literal na pag-aaral ng mga wika na ginagamit bilang sign, ngunit ayon naman kay Slembrouck (2011), ito rin ay representasyon ng mga wika na maiuugnay sa pagkakakilanlan at kultural na globalisasyon dahil sa pag-iral ng wikang Ingles at sa pagpapasigla ng iba pang mga wika.

Inilahad nina Ben-Rafael, Shohamy, Amara, at Trumper-Hecht na ang tanawing pangwika ay isang larangan ng pananaliksik na kapaki-pakinabang sapagkat ang pagsusuring ito ay nagpapakita ng isang pattern ng iba't ibang paraan kung paano nakasabay ang mga tao, grupo, asosasyon, institusyon at mga ahensiya ng gobyerno sa laro ng simbolo sa isang komplehong realidad (Slembrouck, 2011). Saad pa ni Bakhaus (2007, nabanggit sa Slembrouck, 2011), na mahalaga ang pagsusuri sa mga wikang nakalagay sa mga karatula sa pampublikong espasyo lalong-lao na sa isang multilinggwal na kapaligiran dahil ito ay nagbibigay ng makabuluhang katalasan sa sitwasyong pangwika ng isang lugar, kasama na ang karaniwang pattern sa gamit ng wika at iskrip, opisyal na polisiyang pangwika, ang nangingibabaw na ayos ng wika, ang kaugnayan ng kapangyarihan sa iba't ibang pangkat-wika, at ang pangmatagalang bunga ng paggamit ng wika at iskrip.

Ang pag-aaral ng tanawing pangwika ay naglalayong makadagdag ng ibang pananaw sa ating kaalaman tungkol sa panlipunang multilingguwalismo sa pamamagitan ng pagbibigay-pokus sa pagpili ng wika, hirarkiya ng mga wika, contact-phenomena, mga regulasyon, at aspekto ng literasiya (Gorter, 2013).

Ang mga taong may kinalaman sa paggawa ng mga sign ay tinawag

ni Ben-Rafael et al. (2006) na mga “aktor sa tanawing pangwika”, sila ayon kay Slembrouck (2011), ang mga aktor na humuhugis sa tanawing batay sa kanilang kagustuhan o polisiya. Mayroong malaking barayti ang mga aktor, ito ay ang mga pampublikong institusyon, asosasyon at mga indibidwal (Ben-Rafael et al., 2006).

Ang mga sign na nalikha ng mga aktor ay kinakategorya sa dalawa, ang “top-down” at ang “bottom-up”(Burdick, 2012), na tinawag ding “private” at “public”, “opisyal” at “hindi opisyal”, at “pangkomersyo” at “pang-gobyerno” nina Landry at Bourhis (Burdick, 2012). Ayon kay Burdick, ang isang sign ay itinuturing na “top-down” kapag ito ay mga sign na pang-gobyerno, mga pangalan ng kalye, at iba pa; ito, dagdag pa ni Zafra (2014), ay galing sa may awtoridad. Samantala, ito naman ay sign na “bottom-up” kapag ito ay galing sa mga negosyong pribado (Burdick, 2012) o kapag ang sign ay galing sa karaniwang tao (Zafra, 2014).

Ang mga tekstong bumubuo sa tanawing pangwika ay maaaring monolinggwal, bilinggwal o multilinggwal na nagpapakita sa pagkakaiba-iba ng mga pangkat-wikang kasama sa isang teritoryo o rehiyon (Torkington, 2009).

Ayon kina Landry at Bourhis (1997), ang tanawing pangwika ay may tungkuling impormasyonal at simbolikong marker. Ang impormasyonal na marker na tungkulin ay tumutukoy sa katotohanan na ang tanawing pangwika ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangkat-wikang naninirahan sa isang ispisipikong lugar at ito rin ay nagbibigay ng hangganan sa pagitan ng mga pangkat-wikang namumuhay sa kaparehong lugar (Landry at Bourhis, 1997). Ang simbolikong tungkulin naman ay nangangahulugan na ang tanawing pangwika ay maaaring magpahiwatig ng kaugnayan sa kapangyarihan o estado ng isang pangkat-wika sa isang teritoryo (Landry at Bourhis, 1997).

“Ang paglaganap ng wika ng isang pangkat sa mga pampublikong sign ay makapagbibigay ng impormasyonal at simbolikong tungkulin na makahihikayat sa mga miyembro ng pangkat na pahalagahan at gamitin ang kanilang wika sa isang malawakang saklaw ng interpersonal at institusyunal na sitwasyon,” ito ang nabanggit nina Landry at Bourhis (1997). Samakatuwid, paliwanag pa nila na kung ang wika ng isang pangkat ay hindi makikita sa isang tanawing pangwika, ito ay nagpapakita na ang wika ay hindi binibigyan ng pagpapahalaga o mayroong maliit na estado sa isang

lipunan. Dagdag pa nila, ang presensiya at kakulangan ng mga wika sa nasasakupang tanawing pangwika ay nagpapakita ng kalakasan at kahinaan ng mga magkakatanggaling etnolinggwistikong pangkat sa isang lipunan.

Ang ibang mga estado at pangrehiyunal na mga awtoridad ay naglagay sa kanilang mga polisiyang pangwika ng mga wikang dapat gamitin sa mga karatula (Akindele, 2011). Ang mga regulasyon na may kaugnayan sa tanawing pangwika ay nakabatay sa polisiyang pangwika sa paggamit ng wika sa edukasyon, sa midya, sa panlipunan at pangekonomikong pamumuhay o sa iba pang larangan (Akindele, 2011). Saad pa ni Akindele, ang aktuwal na mga linggwistikong kasanayan ay nagpapakita ng idolohiyang pangwika ng mga tao sa ilalim ng isang pambansang polisiyang pangwika (Akindele, 2011).

Nakasaad sa Seksiyon 2001, Rule XX ng 2004 Revised IRR ng PD 1096 na inilathala ng Department of Public Works and Highways (DPWH), na ang mga sign na nakasulat sa banyagang wika ay kailangang lagyan ng katumbas na salin sa wikang Ingles o lokal na diyalekto.

Ayon naman kay Clemencia Espiritu, PhD, sa kanyang artikulo na Language Policies in the Philippines, isinasaad sa Executive Order No. 335 na pinirmahan ni Pangulong Corazon Aquino noong ika-25 ng Agosto, 1988, na ang lahat ng mga kagawaran, kawanihan, opisina at mga katuwang ng gobyerno na gumawa ng mga hakbang upang magamit ang wikang Filipino sa mga opisyal na transaksyon, komunikasyon at mga sulat. Ipinasasalin din nito sa Filipino ang mga pangalan ng mga opisina, mga gusali, mga pampublikong edipisyo at mga karatula ng lahat ng mga opisina, dibisyon at mga katuwang nito, ay kung maaari ay ilagay sa ibaba sa maliliit na letra ang salin nito sa Ingles.

Sa Rule 415 naman ng Rules and Regulations on Trademarks, Service Marks, Tradenames and Marked or Stamped Containers, na sinusugan ng Office Order No. 49 s. 2006, isinasaad na ang pagsasalin o pagsasatitik ng mga marka ng ilang bahagi ng isang karatula ay kailangang samahan ng aplikasyon kung ang marka ng ilang bahagi ng isang karatula ay mga banyagang salita, titik, at karakter o tunog-banyaga.

Ang Ethnolinguistic Vitality (EV)

Ang Ethnolinguistic Vitality (EV) ay pinaunlad nina Giles, Bourhis at Taylor noong 1977 bilang isang balangkas upang mailarawan sa sistematikong paraan ang sosyo-istruktural na ugnayan sa pagitan ng mga pangkat-wika at upang maipaliwanag kung paano naiuugnay ang sosyo-istruktural na konteksto sa kaugaliang pangwika (Johnson, Giles at Bourhis, 1983; Harwood, Giles, at Bourhis, 1994). Ang konseptong ito ay binigyang – kahulugan nina Giles et al. bilang “isang sosyo-istruktural na salik na nakaaapekto sa kakayahan ng isang pangkat na kumilos at manatili bilang isang naiiba at aktibong bagay sa loob ng isang multilinggwal na pamayanan.”

Ayon kina Landry at Bourhis (1997, sa Slembrouck, 2011), kung ang posisyon ng isang pangkat-etniko ay mahina kumpara sa mas dominanteng pangkat-wika, sisikapin ng mahinang pangkat-wika na gamitin ang wika ng dominanteng grupo hanggang sa ang wika ng maliit o mahinang pangkat ay hindi na umiral bilang isang naiibang etnolinggwistiko at kolektibong bagay.

Ang EV ay maaaring ipaliwanag sa subhetibo at obhetibong paraan (Slembrouck, 2011). Ang “subjective ethnolinguistic vitality” ng isang komunidad ay tumutukoy sa kognitibong representasyon o pananaw ng mga miyembro ng pangkat sa relatibong sigla ng ibang pangkat sa isang partuikular na kapaligirang multilinggwal (Landry at Bourhis, 1997). Samantala, ayon pa kina Landry at Bourhis, ang “objective ethnolinguistic vitality” naman ay sinusuri sa pamamagitan ng mga sosyo-istruktural na salik. Ang mga salik na ito ay hinahati sa apat na uri ng kategorya o ang tinatawag na “linguistic capitals”: demograpiko, politikal, pang-ekonomiya at kultural (Slembrouck, 2011).

Ayon kina Giles et al. (1977), ang estado, demograpiko at suportang institusyunal na mga salik ay pinagsama-sama upang mabuo ang sigla ng isang etnolinggwistikong komunidad. Ang demograpikong kapital ay tumutukoy sa mga katangian ng mga miyembrong kasama sa isang partikular na etnolinggwistikong komunidad (Slembrouck, 2011). Ang politikal na kapital naman ng isang pangkat ay matutukoy sa pamamagitan ng pagsusuri sa suportang institusyunal na tinatamasa ng kanilang wika at iba’t ibang antas ng gobyerno at mga pampublikong gawain (Landry at Bourhis, 1997). Ipinaliwanag pa ni Landry at Bourhis na kung mas

marami ang suportang nakukuha ng isang ispisikong pangkat-wika sa parehong pribado at publiko, mas matibay ang EV nito.

Samantala, ang pang-ekomiyang kapital naman ng isang pangkat-etnolinggwistiko ay kinakatawan sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng isang pangkat sa iba't ibang aspekto ng komersiyo at industriya, kasama na ang mga sign na pangkomersiyo na tumutulong sa tanawing pangwika (Landry at Bourhis, 1997).

Ang kultural na kapital naman ng isang pangkat ay nasusuri sa pamamagitan ng pagmomonitor sa lawak ng kontrol ng isang pangkat sa sariling linggwistiko, pang-edukasyon, at institusyong-kultural at ang antas sa kung saan naipakikita at nagagamit ng midya ang wika ng isang pangkat-kultural (Landry at Bourhis, 1997).

Ang kalakasan at kahinaan ng isang pangkat sa apat ng mga salik na ito ay masusuri upang mabigyan ng klasipikasyon ang mga pangkat-etnolinggwistiko kung ang mga ito ay may mababa, katamtaman at mataas na sigla o vitality (Yagmur at Kroon).

Ang mga pangkat na may mababang sigla ay magkakaroon ng linggwistikong asimilasyon at maaaring sa huli ay hindi na maituring na isang naiiba at kolektibong pangkat (Bouhis, Giles, at Rosenthal, 1981). Ang pangkat na may mataas na sigla naman ay kailangang paigtingin ang pagpapanatili sa kanilang wika at pagkakakilanlang-kultural sa isang multilinggwal na pamayanan (Bourhis, Giles at Rosenthal, 1981).

Ang teoryang Ethnolinguistic Vitality ay isang sosyal at sikolohikal na lapit sa kaugnayan ng wika at pagkakakilanlan. Ang sigla ng isang pangkat-etnolinggwistiko ay tinutukoy na tagapagbuo sa isang pangkat upang kumilos bilang isang naiiba, aktibo at kolektibong bagay sa isang inter-group na sitwasyon (Giles et al., 1977).

Ang kaugnayan ng konsepto ng Ethnolinguistic Vitality sa pag-aaral na ito ay tinukoy nina Landry at Bourhis (1997) sa kanilang obserbasyon na ang pinakakapansin-pansin na marka ng ethnolinguistic vitality ng ilang mga pangkat-wika na naninirahan sa iisang teritoryo ay ang tanawing pangwika nito; dahil sa ang mga pampublikong sign ay direktang nagpapakita sa ekonomik, politikal at kultural na kapital ng isang pangkat-wika. Sa madaling salita, ang pagtukoy sa ethnolinguistic vitality ng isang wika ay naglalandad sa simbolikong lakas nito sa iba't ibang antas ng lipunan (Slembrouck, 2011).

Mahahalagang Termino	Kahulugan
Pamublikong Espasyo	Tumutukoy sa lugar na bukas sa lahat ng tao katulad ng mga kalye o kalsada, parke, gusali at mga pasyalan.
Tanawing Pangwika	Ayon kay Gorter (2006), ang Tanawing Pangwika ay tumutukoy sa mga wikang nakasulat sa mga pamublikong espasyo; wikang nakikita sa mga ispisipikong lugar (Torkington, 2009).
Ethnolinguistic Vitality	Isang sosyo-istruktural na salik na nakaaapekto sa kakayahan ng isang pangkat na kumilos at manatili bilang isang naiiba at aktibong bagay sa loob ng isang multilinggwal na pamayanan (Landry at Bourhis, 1997).
“top-down” na sign	Ito ay mga sign na pang-gobyerno, mga pangalan ng kalye, at iba pa (Burdick, 2012)
“bottom-up” na sign	Ito ay galing sa mga negosyong pribado (Burdick, 2012) o kapag ang sign ay galing sa karaniwang tao (Zafra, 2014).

Ang Paglaganap ng mga Wika sa Maynila

Mula sa 255 na mga larawan o mga sign na nakuha ng mananaliksik sa limang lugar sa Maynila (Taft Avenue, Rizal Park, Chinatown, Recto Avenue, at Intramuros), lumalabas na mayroong anim na mga wikang lumalaganap sa Tanawing Pangwika ng lungsod: ito ay ang Ingles, Filipino, Intsik, Koryano, Espanyol at

Hapon. Pinakamalaganap na wika ang Ingles. Sa mga larawan o sign na bilingguwal at multilingguwal, lumalabas rin na Ingles ang laging kasama ng ibang mga wika. Sunod na pinakamalaganap ang mga karatulang may wikang Ingles at Filipino at ang mga sign na Filipino ang gamit naman ang pangatlo.

Talahanayan Blg. 2. Distribusyon ng wika sa mga nakuhang larawan o mga sign

Wika	Bilang ng larawan	%
Ingles lamang	156	61.18
Ingles at Filipino	36	14.12
Filipino lamang	18	7.06
Ingles at Intsik	14	5.49
Ingles at Koryano	7	2.74
Ingles at Espanyol	7	2.74
Intsik lamang	6	2.35
Espanyol lamang	6	2.35
Ingles, Filipino at Intsik	2	0.78
Koryano lamang	1	0.39
Ingles at Hapon 1	1	0.39
Filipino at Espanyol	1	0.39
Kabuuan	255	100

Ang paggamit ng Ingles sa buong mundo ay isang marka ng globalisasyon na siyang-ginagamit sa mga gawaing pang-ekonomiya katulad ng marketing, produksiyon at pagkonsumo (Akindele, 2011). Ginagamit ang Ingles upang lumago ang mga negosyo kaya naman ang paggamit sa wikang ito ay may kauganayan sa kadahilanang pang-ekonomiya (Akindele, 2011). Ayon kay Pennycook (1994, Akindele, 2011), ang paggamit sa wikang Ingles ay mas lalong nagpapalakas sa usapin ng pagiging makapangyarihan ng Ingles

kumpara sa ibang mga wika sa isang multilinguwal na sitwasyon. Binigyang-diin pa ni Akindelle na ang paglaganap ng wikang ito sa tanawing pangwika ay isang makabuluhang marka sa proseso ng globalisasyon.

Kaya naman ang paggamit at paglaganap ng wikang Ingles sa tanawing pangwika ng Maynila ay may malaking kaugnayan sa pagpapasigla ng mga negosyo at iba pang gawaing pang-ekonomiya. Target nito hindi lamang ang mga lokal na mamamayan kundi maging ang mga dayuhang bumibisita at naninirahan sa lungsod.

Ang Tanawing Panwikang ng Maynila ay nagpapakita ng pagiging multikultural ng lungsod dahil na rin sa pagdami ng mga dayuhang bumibisita at naninirahan dito sa Pilipinas. Batay sa 2010 Census of Population and Housing (CPH) na isinagawa ng National Statistics Office (NSO), ang bilang ng mga dayuhan sa bansa noong Mayo 2010 ay umabot sa 177, 368. Pinakamarami ang bilang ng mga dayuhan sa National Capital Region (NCR) kung saan naroon ang Maynila. Pumangalawa naman ang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at pangatlo ang Region IV-A (CALABARZON). Ayon din sa ulat na ito, pinakamarami ang mga dayuhang mula sa Estados Unidos na mayroong 29, 959 na bilang. Sa artikulo ni Louella Desiderio sa *The Philippine Star* na inilathala noong 2012, sumunod ang mga Intsik sa dami ng bilang na mayroong 28, 750. 11, 583 naman ang mga Hapon na siyang pangatlo, 8, 963 ang mga Indyano at 4,689 naman ang galing sa bansang Canada.

Batay naman sa tala ng Tourism Research and Statistics Division (TRSD) ng Department of Tourism (DOT) sa bilang ng mga dayuhan o turistang bumubisita sa bansa para sa unang kwarter ng 2015, umabot na ito sa 1, 815, 202 na bilang. Pinakamarami dito ay ang mga Koryano na may 451, 945 na bilang, sumunod ang mga galing sa Estados Unidos na may 283, 577 at pumangatlo naman ang mga Hapon na may bilang na 167, 602. Nasa pang-apat ang mga Intsik na mayroong bilang na 126, 293 at panglima ang mga galing sa bansang Australia na may 83, 573.

Karamihan sa mga sign sa Tanawing Pangwika ng Maynila ay ginagamit sa pagbibigay ng Impormasyon katulad ng direksyon, oras ng pagbubukas at pagsasara ng mga opisina o gusali, at mga paaalala at anunsyo. Pinakagamitin din ito bilang paraan ng pagpapakilala o pagbibinta ng negosyo at pagpapangalan ng mga gusali.

Talahanayan Blg. 3. Distribusyon ng mga larawan batay sa taksonomiya ng mga sign

Taksonomiya ng sign	Bilang ng larawan	%
Karatula na nagbibigay-impormasyon	83	32.55
Advertising signs	62	24.31
Pangalan ng mga gusali	51	20.00
Plakeng panggunita	23	9.02
Mga babala	21	8.24
Graffiti	6	2.35
Karatula sa kalye	6	2.35
Mga bagay	3	1.18
Kabuuan	255	100

Mahalaga ang mga sign o karatula sa pagbibigay o pagpapakalat ng mga impormasyon o kaalaman sa publiko katulad ng mga impormasyon na may kaugnayan sa kalusugan, trabaho at anunsiyo mula sa gobyerno.

Batay sa resulta, mas malaganap ang mga sign na “top-down” o mga sign hindi opisyal o pangkomersiyo. Nangangahulugan na karamihan sa mga karatula ay ginagamit sa pagnenegosyo at sa pagpapakalat ng mga impormasyon ng mga pribadong grupo o indibidwal. Sa tanawing pangwika ng Maynila, mas higit itong ginagamit sa mga gawaing may kaugnayan sa negosyo o ekonomiya kaysa sa mga opisyal na gawain o mga sign na galing sa gobyerno.

Talahanayan Blg. 4. Distribusyon ng wika sa mga larawan batay sa klasipikasyon nito

Wika	“top-down”	%	“bottom-up”	%	Kabuuan	%
Ingles lamang	68	59.65	88	62.41	165	61.18
Ingles at Filipino	19	16.67	17	12.05	36	14.12
Filipino lamang	12	10.53	6	4.25	18	7.06
Ingles at Intsik	0	0	14	9.92	14	5.49
Ingles at Koryano	2	1.75	5	3.55	7	2.74
Ingles at Espanyol	5	4.39	2	1.41	7	2.74
Intsik lamang	1	0.89	5	3.55	6	2.35
Espanyol lamang	5	4.39	1	0.71	6	2.35
Ingles, Filipino at Intsik	1	0.89	1	0.71	2	0.78
Koryano lamang	0	0	1	0.71	1	0.39

Ang Vitality o Sigla ng mga Wika sa Pampublikong Espasyo ng Maynila

Pinakamasigla o pinakadominanteng wika sa lungsod ang wikang Ingles. Patunay dito ang mga sign o karatulang makikita sa tanawing pangwika ng lungsod na halos lahat ay ginagamit ito sa lahat ng uri ng karatula tulad ng mga sign na nagbibigay ng impormasyon, advertising signs, mga babala, mga pangalan ng gusali, mga plakeng panggunita, mga bagay, at graffiti.

Wika	Advertising sign	Mga babala	Graffiti	Karatula na nagbibigay-impormasyon	Mga bagay	Pangalan ng mga gusali	Plakeng Panggunita	Karatula sa kalye	Kabuuang Iskor (Absolute EV Score)	Relative EV Score (%)
Ingles	192	66	8	268	4	139	64	14	755	74.09
Filipino	22	18	16	44	8	18	15	10	151	14.82
Intsik	23	1	0	7	0	17	0	2	50	4.91
Espanyol	0	0	0	7	0	27	9	0	43	4.22
Koryano	8	0	0	2	0	3	4	0	17	1.67
Japanese	3	0	0	0	0	0	0	0	3	0.29
Kabuuang bilang ng basic module unit									1019	100

Bagamat ang wikang Filipino, ang wikang pambansa natin, ay pangalawa lamang sa Ingles. Kahit sa mga gusaling pampamahalaan at mga anunsiyo o karatulang pang-gobyerno, mas higit na ginagamit ang wikang Wikang Ingles kaysa sa Filipino. Ingles ang pinakadominanteng wika sa multilinguwal na sitwasyon sa lungsod. Ito ay nagpapakita sa pagiging makapangyarihan ng wikang ito laban sa iba pang mga wika.

Ito rin ay nagpapatunay sa simbolikong lakas ng wikang Ingles sa iba't ibang antas ng lipunan at ang kahalagahan nito sa ekonomik, politikal at kultural na kapaital o ang tinatawag na linguistic capitals ni Slembrouck.

Nangangahulugan ito na mataas ang pagpapahalaga ng estado o ng mga tao sa wikang ito at mayroon din itong malawak na suporta mula sa pribado at pampublikong institusyon. Isang salik pa dito ay ang demograpikong katangian ng lungsod na karamihan ay nakaiintindi o nakapagsasalita ng wikang Ingles at dahil na rin sa mataas na bilang ng mga dayuhang bumibisita at naninirahan sa bansa.

Pinakamabisarinitonggamitinsamgakalakarangpangkomersiyo at industriya sa pamamagitan ng mga sign o karatula na bumubuo sa tanawing pangwika.

Sa kultural na kapital naman, mas binibigyang-halaga ang wikang Ingles kaysa sa sariling wika o ang wikang Filipino na siyang sumasalamin sa pagkakakilanlan ng mga taong naninirahan sa lungsod at sumasalamin sa kulturang kinagisnan ng mga Pilipino.

Ang Implikasyon ng Tanawing Pangwika ng Maynila sa Estado ng Wikang Filipino sa Kasalukuyan at ang Hamon sa Pagpapaunlad Nito

Hindi na rin kataka-kata ang resultang ito sa pagiging dominante ng wikang Ingles sa pampublikong espasyo sapagkat maging sa ibang mga larangan tulad ng negosyo, edukasyon, mga pormal na transaksyon sa pamahalaan at marami pang ibang larangan, Ingles ang kinikilalang opisyal na wika. Ayon nga kay Quiros (2003) sa kanyang artikulong *Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan na kasama sa kalipunan ng mga pag-aaral sa wika ng Sanggunian sa Filipino o SANGIL*, malinaw na sa ating kasaysayan, ang Ingles ay hindi lamang naging paraan ng komunikasyon kundi paraan ng kolonyalisasyon. Dagdag pa niya, ang galing sa paggamit ng Ingles ay naging pasaporte na rin sa sirkulo ng kapangyarihan. Kaya naman sa kahit na anong larangan, ang Ingles ay mas nanaig kaysa sa sarili nating wika o ng ating wikang pambansa, sapagkat nakatatak na sa ating mga Pilipino na ito ang wikang maglalagay sa kanila sa mas mataas na estado ng buhay at pagtingin sa lipunan.

Binibigyang-diin ni Quiros (2003) sa kanyang artikulo ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa paggamit ng wikang Ingles na maging ang mga alagang aso ay kinakausap na natin sa wikang ito. Saad pa niya na marami sa atin ang haling na haling sa wikang Ingles dahil lamang sa inaakala nating tunay na wika ito ng kapangyarihan. Ngunit isang tanong ang iniwan niya sa mga mambabasa, kung natagpuan nga ba natin ang tunay na kapangyarihan ng banyagang wika. Paghahamon pa niya na ang paggamit natin sa wikang Filipino ang magdudulot ng kapangyarihan nang sa gayon ay maging wika ito ng kapangyarihan.

Bagamat malinaw na isinasaad sa ating Saligang Batas ayon kay Almario (*Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan*) (2003)

sa kanyang artikulong Nasyonalisasyon ng Filipino na inilatlahala rin ng SANGFIL na, “Filipino ang wikang pambansa ng Filipinas. Habang sumusulong, higit pang lilingin at payayabungin ito batay sa mga buhay na wika sa Filipinas at ibang mga wika.” Kaya naman, nagsusumikap ang SANGFIL na matamo ang kanilang layunin na palaganapin ang Filipino bilang wikang panturo, bilang wikang opisyal na wikang pantalastasan, at bilang wikang pangkabuhayan, at bilang midyum sa agham, teknolohiya, kalakalan, at industriya (David, 2003).

Noon pa mang administrasyon ng dating pangulong Corazon Aquino, may mga kautusan nang inilabas upang pagtibayin at bigyang-pagpapahalaga ang wikang Filipino tulad ng RA 7104, ang batas na lumilikha sa Komisyon ng Wikang Filipino (ang sangay ng pamahalaan na nangangasiwa sa pagpapaunlad ng wikang Filipino) (Santiago, 2016). Ayon pa sa artikulo ni Santiago na inilathala ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) sa Pandiwa: Lathalaan para sa Wika at Kultura, naging makasaysayan din ang Executive Order 335 s. 1998 na nag-uutos na gamitin ng lahat ng kagawaran at ahensiya ng pamahalaan ang wikang Filipino sa lahat ng uri ng komunikasyon. Kung kaya’t binigyang-diin ni Almario (2003) na kailangang sundin ang itinakdang paghahanay sa Seksiyon 6, Artikulo XIV ng Konstitusyong 1987. Dagdag pa niya, kailangan natin ang isahan, lansakan, at sistematikong pagkilos o palatuntunan upang ganap na pakinabangan ang mga katutubong wika ng Filipinas sa paglingang at pagpapayabong ng wikang pambansa.

Hindi naman kailangang iwaglit na lamang nang basta-basta ang wikang Ingles na malaki nga naman ang maitutulong upang tayo’y makaagapay sa takbo ng panahon at sa globalisasyon. Wika nga ni Quiros (2003) sa kanyang artikulo, “...malaki ang halaga ng Ingles bilang isang paraan ng komunikasyon. May punto ang mga nagsasabi sa atin na hindi maaaring kaligtaan ang Ingles. Talaga namang hindi. Ang Ingles ang ating susi ---- o sabi nga ng mga bata, ang ating “connect” ---- sa mundo. Idinagdag pa niya na:

Walang duda na kailangan natin ang Ingles. Walang duda na mahalaga ang Ingles. Subalit, dito man ay marami nang mga maling akala tungkol sa kahalagahan ng Ingles. Isa sa maling akalang ito ay ang paniniwalang ang Ingles ay susi ng kaunlarang pang-ekonomiya.

Subalit, ayon kay Lumbera (2003), ang identidad ng isang sambayanan ay hindi naisusuko nang gayun-gayun na lamang dahil ito ay nakatatak na sa kamalayan ng buong sambayanan. Ayon pa sa kanya, kung hinihimok tayo na magbagong-bihis nang sa ganun ay makasabay sa globalisasyon, itinuturo naman tayo ng ating kasaysayan na ang ating pinagdaanan bilang sambayanan ay nagpapagunita na may sarili tayong bayan, minanang kultura, at may banal na kapakanang dapat pangalagaan at ipagtanggol kung kinakailangan.

Sa kabila ng globalisasyon ay nakikita pa rin ni Santos (2003) ang positibong pagsabay ng Filipino sa puwersa ng globalisasyon. Ayon sa kanya, nakikilahok at nakikisabay ang pamilihing Filipino sa mga global na transpormasyon ng pamilihan sa buong mundo, nagkakaroon din ng tumutugmang transpormasyon sa produksiyong intelektuwal. Diin niya, na sa gitna ng hegemoniya o gahum ng kulturang postmoderno, at bilang resulta ng pagsangga sa lakas ng puwersang ito, pumosisyon na rin ang Filipino nang hindi basta na lamang matangay sa larangan. Ang pahayag na ito ni Santos ay nagbibigay ng pag-asa na kahit sa gitna ng globalisasyon ay may kakayanan pa ring tumingkad ang transpormasyon ng mga produksiyong intelektuwal sa Filipino. Subalit kung tayo'y gigising sa katotohanan, ayon kay David (2003), huli na para mangarap tayo ng isang pambansang pamunuang magtatampok sa katutubong wika bilang sagisag ng pagsasarili, at handang itumba ang kaharian ng wikang Ingles sa ating lipunan, subalit:

...hindi pa huli upang gumising tayo't magkusa --- sa bawat maliit na larangang ating kinikilusan --- na ipalutang sa himpapawid ang himig ng ating pambansang wika, nang walang pag-aatubili, pag-aalinlangan, o panggingimi. Sa madaling salirta, kung gusto nating lumaya ang ating wika, GAMITIN NATIN ITONG SANDATA --- NGAYON AT SA BAWAT OKASYON.

Paglalogom

Natuklasan sa pananaliksik na ito na hindi gaanong nabibigyan ng halaga ang ating pambansang wika, o hindi pantay ang pagtigin natin sa ating wika kagaya ng pagpapahalaga natin sa wikang Ingles. Maging ang mga wikang diyalekto ng Pilipinas na katulad ng Cebuano, Waray, Ilokano, Bikolano at iba pa ay hindi rin

nabibigyang-pansin sa tanawing pangwika ng lungsod. Ilang mga ahensiya ng gobyerno din ang hindi nakasusunod sa patakaran ng paglalagay ng pangalan ng kanilang mga gusali sapagkat wikang Ingles lamang ang ginamit nito at walang katumbas na wikang Filipino.

Mahalaga ang pananaliksik na ito upang makita natin ang kalagayan ng ating wika sa pampublikong espasyo. Sa pamamagitan nito, masusubaybayan natin ang sigla at paglaganap ng ating wikang pambansa upang maiwasan ang pagkawala nito o paglaho nito katulad ng ibang mga wikain sa mundo. Ayon kay Bourhis, Giles at Rosenthal (1981), ang pangkat o ang ang mga wikang may mababang sigla ay maaaring sa huli ay hindi na maituring na isang naiiba at kolektibong pangkat o wika. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa sigla ng ating wika, makapagsasagawa tayo ng mga hakbang upang mapanatili at mapaunlad pa ito.

Hindi lamang nagtatapos ang pananaliksik na ito sa paglalarawan ng tanawing pangwika. Nilalayon nito na baguhin ang sitwasyong pangwika o pasiglahin pa ang wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbuo ng mga kautusan o batas para mabago ang paggamit ng wika. Maaari ring hikayatin ang mga aktor o ang mga gumagawa ng sign o karatula na gamitin ang ating wikang pambansa hindi lamang bilang isang simbolo kundi bilang wika ng komunikasyon sa konteksto ng tanawing pangwika. Dapat ring pasiglahin ang mga wikang rehiyonal sa pagbuo ng mga sign sa pampublikong espasyo.

Bagamat malaking balakid ang globalisasyon sa pagpapasigla o pagpapaunlad ng Wikang Filipino, positibo naman ang pananaw ng ilan na ito ay magpapatingkad sa transpormasyon ng produksyong intelektuwal ng Filipino. Hindi rin natin kailangan kalimutan o isantabi ang Ingles, kailangan lamang natin ang pagkukusa na palakasin ito sa pamamagitan ng paggamit at pagpapayaman pa ngayon at sa hinaharap.

Mga Akdang Pinagsanggunian

- Akindele, D. O. (2011). Linguistic Landscapes as Public Communication: A Study of Public Signage in Gaborone Botswana. *International Journal of Linguistics*. Retrieved from <http://www.macrothink.org/journal/index.php/ijl/article/view/1157/pdf>
- Almario, V. S. (2003). *Nasyonalisasyon ng Filipino. Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Soucebook ng SANGFIL 1994 – 2001*. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 11 – 14.
- Backhaus, P. (2007). Linguistic Landscapes: A Comparative Study of Urban Multilingualism in Tokyo. *SKY Journal of Linguistics*. Retrieved from http://www.linguistics.fi/julkaisut/SKY2007/ZABRODSKAJA_BOOK%20REVIEW.pdf
- Ben-Rafael, et al. (2006). Linguistic Landscape as a Symbolic Construction of Public Space: The Case of Israel. *International Journal of Multilingualism*, (3) 1. 7 – 30. Retrieved from <http://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/14790710608668383>
- Bourhis, R. Y., Giles, H., & Rosenthal, D. (1981). Notes on the construction of a “Subjective Vitality Questionnaire” for ethnolinguistic groups. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 2, 145 – 155. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/254333394_Notes_on_the_construction_of_a_'Subjective_Vitality_Questionnaire'_for_ethnolinguistic_groups
- Burdick, C. (2012). Mobility and Language in Place: A Linguistic Landscape of Language Commodification. *Cultural Heritage in European Societies and Spaces*. Retrieved from http://scholarworks.umass.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1006&context=chess_student_research
- David, R. S. (2003). *Politika ng Wika, Wika ng Politika. Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Soucebook ng SANGFIL 1994 – 2001*. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 15 – 22.
- De Quiros, C. (2003). *Ang Kapangyarihanng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan. Wikang*

Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Soucebook ng SANGFIL 1994 –

2001. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 28 – 33.

Desiderio, L. (2012). NSO: Number of foreign citizens residing in Phl now over 177,000. *The Philippine Star*. Retrieved from <http://www.philstar.com:8080/headlines/2012/11/26/873745/nso-number-foreign-citizens-residing-phl-now-over-177000>

Espiritu, C. (2015) Language Policies in the Philippines. National Commision for Culture and

the Arts. Retrieved from <http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?igm=3&i=217>

Giles, H., Bourhis, R. Y. & Taylor, D. M. (1977). Towards a theory of language in ethnic group

relations. In H. Giles (Ed.). *Language, Ethnicity and Intergroup Relations*. London, UK:

Academic Press. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/265966525_Giles_H_Bourhis_RY_Taylor_DM_1977_Towards_a_theory_of_language_in_ethnic_group_relations_In_H_Giles_Ed_Language_Ethnicity_and_Intergroup_Relations_pp_307-348_London_UK_Academic_Press

Gorter, D. (2013). *Linguistic Landscapes in a Multilingual World*. *Annual Review of Applied Linguistic*. Cambridge University Press. 33, 190-212.

Harwood, J., Giles, H., & Bourhis, R. Y. (1994). The genesis of vitality theory: Historical

patterns and discorsal dimensions. *International Journal of the Sociology of Language*.

108, 167-206. Retrieved from <http://www.u.arizona.edu/~jharwood/pdf/harwood%20giles%20bourhis%20IJSLS%201994.pdf>

Johnson, P., Giles, H., & Bourhis, R. Y. (1983). The viability of ethnolinguistic vitality: A reply.

Journal of Multilingual and Multicultural Development, 4, 255 – 269 Retrieved from

<http://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/01434632.1983.9994115>

Landry R. & Bourhis, R. (1997). Linguistic Landscape and Ethnolinguistic Vitality: An Empirical

Study. *Journal of Language and Social Psychology*. Retrieved from

<http://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0261927X970161002>

Lumbera, B. (2003). Ang Usapin ng Wika at Panitikang Filipino at ang Paglahok ng Pilipinas a

- Globalisasyon. Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Soucebook ng SANGFIL 1994 - 2001. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 11 - 14.
- Pennycook, A. (1994). *The cultural politics of English as an international language*, London: Longman.
- Santiago, C. C. (2016). *Ang Filipino Bilang Wikang Opisyal*. Pandiwa: Lathalaan para sa Wika at Kultura. Manila: Komisyon ng Wikang Filipino, (4) 1, 53.
- Santos, B. (2003). *Ang SANGFIL at ang Dokumentasyon ng Pag-unlad ng Filipino*. Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Soucebook ng SANGFIL 1994 - 2001. Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 1 - 6.
- Slembrouck, S. (2011). *Linguistic Landscapes in the City of Ghent: An Emperical Study*. Ghent University (Master's Thesis). Retrieved from https://lib.ugent.be/full-txt/RUG01/001/786/702/RUG01-001786702_2012_0001_AC.pdf
- Spolsky, B. (2009). Prolegomena to a Sociolinguistic Theory of Public Signage. In E. Shohamy and D. Gorter (eds) *Linguistic Landscape: Expanding the Scenery*. London: Routledge.
- Torkington, K. (2009). Exploring the linguistic landscape: the case of the 'Golden Triangle' in the Algarve, Portugal. Papers from the Lancaster University Postgraduate Conference in Linguistics and Language Teaching. Retrieved from <http://www.lancaster.ac.uk/fass/events/laelpgconference/papers/v03/Torkington.pdf>
- Yagmur, K. & Kroon, S. (2003). Ethnolinguistic Vitality Perceptions and Language Revitalisation in Bashkortstan. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*. Retrieved from <https://pure.uvt.nl/ws/files/817249/ethnolinguistic.pdf>
- Zafra, G. (2014). *Ang Wika sa pampublikong espasyo: kaso ng tanawing pangwika sa UP Campus*. University of the Philippines. Manila
- _____. (2015). *Safety signs and signals: The Health Safety (Safety Signs and Signals) Regulations 1996*. Health and Safety Executive. Retrieved from _____ . (2005). *Rule XII: General Design and Construction Requirements*

(2004 Revised IRR of PD 1096). Department of Public Works and Highways. Retrieved from [http://www.architectureboard.ph/1%20LAWS%20\(&Regs\)ON%20ARCH3/National%20Building%20Code%20of%20the%20Philippines%20\(Anotated\)/Rule%20X_Signs.pdf](http://www.architectureboard.ph/1%20LAWS%20(&Regs)ON%20ARCH3/National%20Building%20Code%20of%20the%20Philippines%20(Anotated)/Rule%20X_Signs.pdf)

_____. Industry Performance for Travel and Toursim. Department of Tourism. Retrieved from <http://www.tourism.gov.ph/pages/industryperformance.aspx>

_____. Philippines: Rules and Reguations on Trademarks, Service Marks, Tradenames and Markedor Stamped Containers. Retreived from http://www.jpo.go.jp/shiryu_e/s_sonota_e/fips_e/pdf/philippines_e/e_syouhyou.pdf